



Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa opisina para sa Pampanguluhang Primaryang Eleksyon sa Ika-3 ng Marso, 2020 ay magsisimula sa Lunes, Ika-3 ng Pebrero at magpapatuloy hanggang sa Martes, Ika-3 ng Marso (Araw ng Eleksyon).

Sa panahong ito, ang opisina ay magbubukas para sa pagboto Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon; Sabado, Ika-29 ng Pebrero at Linggo, Ika-1 ng Marso, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon; at ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Martes, Ika-3 ng Marso, Araw ng Eleksyon.

Ang beripikasyon ng pirma ay inaasahang magsimula sa Ika-10 ng Pebrero.

Ang pagbubukas at paghahanda ng mga balotang pangkoreo para sa computer tabulation ay magsisimula sa o pagkatapos ng Ika-18 ng Pebrero.

Ang mga resulta ng pagboto ay ipapahayag sa mga sumusunod na schedule:

- Pagkatapos ng ika-8 ng gabi, Martes, Ika-3 ng Marso (kasunod ng pagsara ng botohan sa Araw ng Eleksyon)
- Pagkatapos ng ika-5 ng hapon, Huwebes, Ika-5 ng Marso hanggang Biyernes, Ika-13 ng Marso
- Maaaring magkaroon ng mga karagdagang pahayag ayon sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa pagkumpleto ng opisyal na pag-canvass ng eleksyon sa o bago ang Ika-2 ng Abril.

Kung nais ninyong obserbahan ang alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas, mangyaring kontakin kami sa 858-565-5800.